ISSN 2673-2874

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 4 Blg. 5 | Setyembre-Oktubre 2022

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



**Kauna-unahang Dairy Box sa probinsya ng Sorsogon, binuksan na**

2



**200 magsasaka, nakakumpleto ng SOA- DBP sa North Cotabato**

3

# Tandem ng magsasaka at kalabaw, tampok sa Sambuokan Fest sa DVO

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC sa USM*** — *Labing-siyam na "pinalamutiang" mga kalabaw ang pumarada sa siyudad ng Mati sa Davao Oriental hila-hila ang naggagandahang disenyo ng mga karitela na lulan ang mga aning gulay, prutas, at mga produkto ng iba't ibang barangay sa bayan.*

**Sundan sa p.5**

*Sa unang pagkakataon makalipas ang pandemya ay ipinagdiwang ng Mati City sa Davao Oriental ang Sambuokan Festival, isang pagdiriwang at pasasalamat sa masaganang ani ng mga Matinian. Tampok sa pagdiriwang ang Abunda Festival kung saan pumarada ang mga kalabaw lulan ang iba't ibang produkto ng bawa't barangay. Dito rin makikita ang pagiging malikhain ng mga Matinian sa paggawa ng kasuotan at karitela ng mga kalabaw.*

*Larawang kuha ni Rodolfo Valdez Jr.*




## Sarangani co-op para sa maalab na pagkakalabawan

Ni **Chrissalyn Marcelo at Ronaline Canute**

***DA-PCC sa USM***— *Nakatanggap ang Pangi MultiPurpose Cooperative (PAMULCO) ng kumpletong dairy enterprise package mula sa Department of Agriculture - Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) noong Oktubre 5 sa Brgy. Maitum, Pangi, Sarangani Province sa pamamagitan ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) project sa ilalim ng Accelerating Livelihood Assets Buildup (ALAB)-Karbawan ng DA-PCC.*

Ang proyekto ay binubuo ng mga gatasang hayop at pasilidad na maaaring gamitin para sa produksyon at marketing ng mga carabao-based products. Kabilang dito ang 35 na dairy buffaloes (34 na babae at 1 bull); at Dairy Box processing plant at marketing outlet, na

**Sundan sa p.5**

## 2 bagong suppliers sa milk feeding program, inihanda

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC NHQGP***— *Kabilang na sa mga suppliers ng gatas para sa milk feeding program (MFP) ang Bongabon Agriculture Cooperative (BAC) at Delaen Farmers Agriculture Cooperative (DFAC).*

Upang maihanda ang naturang mga bagong suppliers, nagsagawa ng kick-off activities ang DA-PCC para sa implementasyon ng 12th Cycle Supplementary Feeding Program ng Department of Social Welfare and Development Field Office III.

Sa ginanap na "Milk Feeding Program Municipal Kick-off" noong Nobyembre 8, inihanda ang DFAC bilang supplier sa mga kaugnay na aktibidad sa pagsasagawa ng MFP. Ito ay nilahukan ng 150 benepisyaryo at mga panauhin kabilang ang lokal na pamalaan at Municipal Social Welfare and Development.

Nagsilbing "simulation" ng aktwal na implementasyon ng MFP ang naturang aktibidad upang maisaalang-alang ng DFAC ang iba't ibang mga dapat maikonsidera sa buong yugto ng pagpapatupad ng programa.

**Sundan sa p.3**




# Kauna-unahang Dairy Box sa probinsya ng Sorsogon, binuksan na

Ni **Jeremie Marinella Ledesma**

***DA-PCC sa UPLB*** *— Binuksan na ang kauna-unahang Dairy Box sa Sorsogon, Bicol Region, nitong Oktubre 6, 2022 na pamamahalaan ng Gubat St. Anthony Cooperative (GSAC) at Triple 2 Agri-Industrial Corporation (T2-AIC).*

Ito na ang pangalawa sa may pinakamalaking pasilidad na dairy processing plant sa Pilipinas na s'yang tiyak na makapagbibigay ng kita at trabaho sa mga residente ng Sorsogon at kalapit bayan nito.

Kaakibat ng pagdiriwang na ito ang entrustment program kung saan naipamahagi ang 46 na kalabaw sa ilalim ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP).

Sa pagiging matagumpay nito, nagpahayag si DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad ng pagbati at pasasalamat sa walang katapusang suporta at tiwalang ipinagkakaloob ng GSAC at T2-AIC sa DA-PCC.

"Ito ay isang malaking oportunidad upang makapagbigay ng hanapbuhay at dagdag kita para sa mga magkakalabaw at magsasakang nakikinabang sa mga pangkabuhayang salig sa kalabaw," ani Dr. Battad.

Samantala, kabilang sa mga dumalo ay sina Engr. Rene Hermo, GSAC CEO Nonito Collingwood, T2-AIC CEO Leonisa Ferreras, DA-PCC Deputy Executive Director Dr. Caro Salces, at Former DA-PCC Executive Director Dr. Arnel Del Barrio.

Ang aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) sa ilalim ng Accelerating Livelihood Assets Buildup o ALAB Karbawan ng DA-PCC. Pinondohan ito ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

# Unang patak ng gatas ng kalabaw dahil sa CCDP sa South Cotabato

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

***DA-PCC sa USM*** *— Nag-uumapaw na saya at pag-asa ang naramdaman ni Lourie Lee O. Campaner, miyembro ng Small Coconut Farmers Association (SCFA) ng Tamapakan, South Cotabato, matapos masaksihan ang pagpatak ng sariwang gatas mula sa kanyang inaalagang mestisang kalabaw.*

Ang pamilya ni Lourie Lee ang kauna-unahang carapreneur mula sa Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa South Cotabato na nakasaksi ng pag-asang dulot ng bawa't patak ng gatas.

"Hindi ako makapaniwala na isa ako sa mabibigyan ng biyaya ng DA-PCC at PCA. Masaya ang aming pamilya at asosasyon dahil napatunayan na namin na may pera sa gatas," wika ni Lourie Lee.

Sa tulong ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) at ng Philippine Coconut Authority (PCA) sa Region XII, mga pangunahing ahensya na nagsusulong sa programang CCDP, inaasahang bubuhos ang gatas di lamang sa Tampakan kundi maging sa Malaya Integrated Farmers Assosiation (MIFA) ng Banga na siyang magsisilbing production site ng Tupi Integrated Agiculture Cooperative (TIAC). Ang SCFA, MIFA, at TIAC ay ang mga pangunahing tagapagtaguyod ng nasabing proyekto sa probinsya ng South Cotabato.

Inilahad ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio na ang CCDP ay isang "complete value chain project". Kinapapalooban ito ng pamamahagi ng mestisang kalabaw, pagpapatayo ng processing facility at marketing outlet, pagbibigay ng pagsasanay para sa bawa't value chain players, at pamamahala hanggang sa pagtatasa ng proyekto.

# 200 magsasaka, nakakumpleto ng SOA-DBP sa North Cotabato

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**



**DA-PCC-USM —** *May kabuuang 200 na magsasaka ang nakapagtapos ng School-On-the-Air on Dairy Buffalo Production (SOA-DBP) at nakatanggap ng kanilang mga sertipiko ng pagkumpleto sa isang mass graduation ceremony na ginanap sa Agricultural Training Institute Regional Training Center 12 (ATI RTC 12) satellite office, University of Southern Mindanao sa North Cotabato nitong Oktubre 27, 2022.*

Ang nasabing SOA-DBP, na nagsimula nitong Hunyo 8 hanggang Setyembre 21, ay gumamit ng radyo at Facebook bilang pamamaraan ng pagtuturo sa mga magsasaka tungkol sa mga teknolohiya at kasanayang patungkol sa dairy buffalo production.

Ang ATI RTC 12, sa pakikipagtulungan sa DA-PCC sa USM, ay nag-organisa ng learning event na pinangasiwaan ng mga SOA coordinators ng Alamada, Midsayap, Pigcawayan, Aleosan, President Roxas, Kidapawan, Mlang, Kabacan, Matalam at Makilala sa North Cotabato. Ito ay naibroadcast sa DXVL Kool FM.

"Dapat may commitment tayo at isipin natin na dito tayo uunlad kaya mag-aral at maglaan tayo ng oras," ani Fidel Dorado, isa sa mga graduates ng SOA-DBP.

Samantala, naghatid din ng kani-kanilang mensahe ng pagbati at pagsuporta ang mga opisyales mula sa DA-PCC, ATI, at LGU.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ng Assistant Director ng ATI RTC XII na si Jessie Beldia na ang inaasam na tagumpay ng mga kalahok ay nakasalalay sa kanilang sariling mga kamay. Hinahamon din niya ang mga nagsipagtapos na gamitin ang mga kaalaman at teknolohiya na natutunan sa kanilang ikauunlad.

Sinabi pa ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio na ang SOA-DBP ay susi para bumuhos ang mga oportunidad sa larangan ng paggagatas mula sa turong kaalaman at teknolohiy ng DA-PCC.

"Malaking dagdag-kita ang naghihintay sa inyo kung gagamitin ninyo ang susing ito. Nariyan ang milk feeding program ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) at mga suking mamimili ng gatas ng kalabaw. Sa lahat ng SOA-DBP graduates, sana hindi ito ang huling pagkikita natin. Sasamahan namin kayo sa pagpasok ninyo sa negosyong salig sa pagkakalabawan hanggang sa panahong kayang-kaya na ninyong tumayong mag-isa," dagdag pa ni Center Director Basilio.

## 2 bagong suppliers sa Milk Feeding Program...

*Mula sa p.1*

"Ang sarap po ng gatas ng kalabaw. Ito ay pandagdag nutrisyon at nakatutulong sa kabuhayan ng mga farmers natin. Buong-puso po ang aming suporta sa mga ganitong programa dahil alam po namin na makatutulong ito sa bayan ng Rizal," ani Municipal Mayor Hanna Katrina Andres.

Nagsagawa rin ng parehong aktibidad sa bayan ng Bongabon, Nueva Ecija ang DA-PCC nitong Oktubre 17 kung saan inihanda naman nito ang kooperatibang BAC bilang supplier.

"Nagpapasalamat po kami sa DA-PCC at LGU Bungabon dahil nabigyan kami ng pagkakataon na mapabilang sa Milk Feeding Program. Makakaasa po kayo na patuloy kaming maglilingkod sa ating bayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng masustansyang gatas ng kalabaw para sa mga bata dahil sila po ang mga kakatawan sa susunod na henerasyon at balang araw sila ang magpapatuloy nang ating nasimulan," pagtitiyak ni BAC chairperson Mario Dela Cruz.

"Ang CCDP ay isang proyektong pinondohan ng opinisina ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pamumuno ni chairperson Senator Cynthia A. Villar, na may layuning mapaunlad ang pamumuhay ng mga magniniyog sa Pilipinas sa pamamagitan ng dagdag kitang mula sa gatasang kalabaw," ani Director Basilio.

Sa ngayon, may pag-asang tinatanaw ng mga carapreneurs ang kanilang mga minimithing gawain para sa pagpapalawak ng merkado para sa produktong gawa sa gatas, pakikilahok sa milk feeding program, at pag-eenganyo sa iba pang mga magsasaka na makilahok sa negosyong salig sa kalabaw.






# Misis ng mga carapreneurs sa Elyu, nagsanay sa pagproproseso ng gatas

Nina **Rhea Mae Ruba at Jan Rose Maon**

***DA-PCC sa DMMMSU*** *— Kasama ang lokal na pamahalaan ng Bacnotan, isinagawa ng DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU) ang milk processing training na nilahukan ng mga asawa ng mga kalalakihang dairy farmers nitong Setyembre 2, 2022 sa Bacnotan Agri-Tourism Center, Bacnotan, La Union.*

Layunin ng nasabing pagsasanay na makapagbahagi ng kaalaman at kasanayan sa wastong pagproproseso ng gatas. Kung saan, matutulungan sila nito upang magkaroon ng trabaho at dagdag kita sa pamamagitan ng mga nabuong produkto mula sa gatas ng kalabaw.

Nakatutulong ang wastong kaalaman sa pagproproseso ng gatas sa pagpapatagal ng pagprepreserba nito sa sisidlan, pagbibigay linamnam sa lasa, pagdadagdag ng nutrisyon, at pagpapanatili sa kaayusan nito upang maging kaaya-aya sa mga mamimili.

Ginanap din ang pagsasanay na ito upang lubusang magamit ang padami nang padaming *supply* ng gatas ng kalabaw sa bayan ng Bacnotan.

Ilan sa mga itinuro sa pagsasanay ang pagproproseso ng chocomilk at pastillas na pinangunahan ni Quality Control Officer Maria Rio Grace Corpuz ng DA-PCC sa DMMMSU.

Samantala, dinaluhan din ang nasabing training ng mga kinatawan ng Municipal Agriculturist Office (MAO) ng Bacnotan na pinangunahan ni Dr. Divina Gracia Apigo na nagpahayag ng suporta sa mga misis ng dairy farmers upang mas lalo silang maengganyo na makiisa sa ganitong mga programa.

Nagpahayag din si Apigo ng taos-pusong pasasalamat sa lokal na pamahalaan ng Bacnotan at sa DA-PCC sa DMMMSU sa pagsagawa ng pagsasanay na ito.

# Bagong CDP KIOSK sa Mati City, Davao Oriental

Ni **Cristine Joy Del Rosario**

***DA-PCC sa USM*** *— Isang CDP KIOSK (Karunungan, Impormasyon, at Oportunidad sa Kalabawan) unit ang kamakailan ay inilagay sa City Agriculture Office ng pamahalaang lokal ng Lungsod ng Mati, Davao Oriental, nitong Setyembre 29, 2022.*

Sa isang maikling turnover program kasama ang DA-PCC sa University of Southern Mindanao (USM) at Knowledge Management Division - Learning Events Coordination Section (KMD-LECS), ibinahagi ni Mati City Mayor Hon Michelle Marie Denise N. Rabat ang kanyang mga plano na patuloy na suportahan ang carabao dairy enterprise sa lungsod sa pamamagitan ng pagbuo ng mas maraming produkto na may gatas ng kalabaw tulad ng ice cream, milk bars, at Karabun.

Dagdag niya, malaking tulong ang CDP KIOSK sa pagsulong ng mga programa at proyekto ng DA-PCC habang pinaplano niyang ihanda ang mga carapreneurs ng Mati sa marketing ng mga produkto nito.

Ang Mati ay aktibong katuwang ng DA-PCC mula noong 2019 nang matanggap nila ang PHP10-milyong proyekto sa ilalim ng proyektong Accelerating Livelihood and Assets Build-up o ALAB Karbawan na itinataguyod ng tanggapan ni Senator Cynthia Villar.

Naglalaman ang CDP KIOSK ng mga impormasyon ukol sa mga programa, teknolohiya, at serbisyo ng DA-PCC sa buffalo dairy production.

Dumalo rin sa programa si Chairwoman Karbena Rhodora Datar na nagpahayag ng pasasalamat sa pamahalaan ng Mati City at DA-PCC sa kanilang marketing support.

Ang Mati ay ang ikaapat na site na pinaglagyan ng CDP KIOSK kasunod ng Surallah, North Cotabato; Carigara, Leyte; at Caraga State University.



## Sarangani co-op para sa maalab...

*Mula sa p.1*

ipinagkaloob sa PAMULCO sa pamamagitan ng isang turn over ceremony.




Sa kanyang mensahe, hinikayat ni DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad ang mga miyembro ng kooperatiba na ituring ang kanilang mga sarili bilang "proud carapreneurs" o "negosyante" at sila ay magiging milyonaryo sa pagnenegosyong salig sa kalabaw balang-araw.

Ayon naman kay DA-PCC at USM Center Director Benjamin John Basilio, magsisilbi ang ahensya bilang daluyan ng blessings para marating ng PAMULCO ang mga pangarap nito.

"Napaka-promising ng proyektong ito at inaasahan namin na sa pamamagitan nito ay aapaw ang gatas sa bayan ng Maitum. Kapag dumating ang oras na iyon, maaari ninyo kaming imbitahan muli kasama ang ating Executive Director Dr. Liza Battad para tulungan kayong magbilang ng pera," pagbibiro at masayang dagdag pa ni Basilio.

Samantala, nagbigay din ng kanyang mensahe si Senator Cynthia Villar sa PAMULCO sa pamamagitan ng isang video. Sinabi niya na ang dairy enterprise bilang isa pang income generating venture ay tutugon sa matinding pangangailangan para sa karagdagang pagkukunan ng kita ng mga magsasaka.

Tumugon si PAMULCO Chairperson Melecio Ubongen sa ngalan ng kanyang kooperatiba na lubos silang nagpapasalamat sa DA-PCC, kay Senator Villar, at mga lokal at provincial government ng Maitum at Sarangani sa pagbibigay sa kanila ng dairy enterprise package. Sa kanyang talumpati, ipinangako niya na susustentuhan ng kanilang kooperatiba ang proyekto upang makapagbalita ng mga progresibong resulta sa hinaharap.

Buong-buo ang suporta ng lokal na pamahalaan ng Maitum at Sarangani na nangakong magbibigay ng technical at marketing assistance sa kooperatiba.

Ang turnover ceremony ay dinaluhan nina Maitum Municipal Mayor Alexander Bryan Reganit, Municipal Agriculturist Noel Naungayan, Board Member Arnold Abequibel (Representative of Sarangani Governor Rogelio Pacquiao) Sarangani Committee on Agriculture and Food Chairperson James Reganit, Provincial Veterinarian Dr. Bernard Cababat, Provincial Agriculturist Jonathan Duhay at Councilor Leah Patrimonio.

## Tandem ng magsasaka at kalabaw...

*Mula sa p.1*

Isa ang "Kabaw sa Kadalanan (parada ng kalabaw)" sa mga tampok na kaganapan sa isang linggong pagdiriwang ng 22nd Sambuokan Festival at 2nd Abunda Festival ng Mati City noong Oktubre 22-29. Ito ang unang beses na napabilang ang naturang aktibidad sa selebrasyon.

Sinabi ni Mati City Mayor Michelle Rabat na ang layunin ng aktibidad ay hindi lang para ipagmalaki ang mga ani ng mga magsasaka kundi ipakita rin sa mga batang henerasyon na nananatili at pinahahalagahan ng siyudad ang tradisyunal na pagsasaka sa kabila ng mga lumalaganap na mekanisasyon sa agrikultura.

Ipinangako rin niya na regular nang isasama ang aktibidad na ito sa pagdiriwang ng festival bilang pagbibigay-pugay sa mga lokal na magsasaka at sa maaasahan nitong katuwang, ang kalabaw, dahil silang dalawa talaga ang orihinal na tandem pagdating sa pagsasaka.

Matapos ang masinsinang pagtatasa, nagwagi ang Barangay Badas sa carabao parade competition. Nakatanggap ito ng trophy at PHP60,000 na pabuya. First runner-up naman ang barangay Buso na nag-uwi ng PHP40,000 at second runner-up ang barangay Don Martin Marundan na may PHP30,000.

Nagsilbing hurado para sa kumpetisyon si DA-PCC at University of Southern Mindanao Center Director Benjamin John Basilio.





# Dairy BOX
## DIRECTORY MAP

### DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY

**Asingan, Pangasinan**
Bantog Samahang Nayon Multipurpose Cooperative

**Rosario, La Union**
Rosario Dairy Cooperative

**Focal Person**
Maria Rio Grace Corpuz

### DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY

**Tuguegarao, Cagayan**
Integrated Farmers Cooperative

**Focal Person**
Lovely Sistoza

### DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY

**Dinalupihan, Bataan**
Makabagong Agrikultura ng Dinalupihan Marketing

**Victoria, Tarlac**
Amia Cruz Agriculture Cooperative

**Orani, Bataan**
Tapulao Multipurpose Cooperative

**Focal Person**
Karen G. Gagarin

### NATIONAL IMPACT ZONE

**Science City of Muñoz**
Catalanacan Multipurpose Cooperative

### DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS

**Bansud, Oriental Mindoro**
Mindoro Dairy Cooperative

**Gubat, Sorsogon**
Triple 2 Agri-Industrial Corporation

**Camalig, Albay**
Albay Dairy Cooperative

**Focal Person**
Blessa Bituin

### DA-PCC AT UBAY STOCK FARM

**Carmen, Bohol**
Tamboan Farmers Multipurpose Cooperative

**Tagbilaran, Bohol**
Bohol Dairy Cooperative

**Ubay, Bohol**
Bohol Dairy Cooperative

**Cebu, Cebu**
Lamac Multipurpose Cooperative

**Compostela, Cebu**
Compostela Market Vendors Cooperative

**Pinamungajan, Cebu**
Lamac Multipurpose Cooperative

**Focal Person**
Diane Lou Gregorio

### DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY

**Hamtic, Antique**
Hamtic Multipurpose Cooperative

**Pandan, Antique**
Pandan Multipurpose Cooperative-Cara Dairy

**Barotac Nuevo, Iloilo**
Barotac Nuevo Development Cooperative

**Focal Person**
Mary Antonette Andarza

### DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY

**El Salvador, Misamis Oriental**
ORO Integrated Coopertive

**Focal Person**
Laurence Manango

### DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER

**Tukuran, Zamboanga del Sur**
Baclay Dairy Cooperative

**Dumalinao, Zamboanga del Sur**
Baclay Dairy Cooperative

**Dapitan, Zamboanga Del Sur**
Antipolo Primary Multipurpose Agriculture Cooperative

**Focal Person**
Josephine Mendoza

### DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO

**Mati, Davao Oriental**
Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association

**Montevista, Davao De Oro**
Linoan Farmers Integrated Cooperative

**Matanao, Davao Del Sur**
Inyam Pintuan Asbang Multipurpose Cooperative

**President Roxas, North Cotabato**
Sta. Catalina Multipurpose Cooperative

**Surallah, South Cotabato**
Local Government Unit Surallah

**Pangi, Sarangani**
Pangi Multipurpose Cooperative


**Focal Person**
Diana Angganta

### Alam mo ba?

*Nagsimula ang Dairy Box taong 2015. Ang kauna-unahang pasilidad ay naitayo sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija na pinamamahalaan ng Catalanacan Multipurpose Cooperative*

### Alam mo ba?

*Sa pangunguna ng Business Development and Commercialization Unit (BDCU) ng DA-PCC, naitatag ang Dairy Box na may layuning paunlarin ang mga produkto ng kooperatiba na gawa sa gatas ng dairy animals.*




# Dairy BOX sa buong Pilipinas

*Ang Dairy Box ay isang pasilidad para sa pagproproseso ng sariwang gatas mula sa mga alagang dairy animals. Dito rin binebenta ang mga dairy products na mula sa produkto ng mga kooperatibang manggagatas sa buong Pilipinas.*




# KARATOON



Kwentong TIBAY PAGBANGON PASASALAMAT sa Paghahalaman

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Pagdiriwang ng 8th NCC**

**SOA Graduation sa Davao del Norte**

# Ang barako sa paggagatas ng Rosario, Batangas

Ni **Ronaline Canute**



Isa sa mga dakilang kaluwalhatian ng buhay may-asawa ay ang pagkakataon na suportahan ang isa't isa at bumuo ng mga pangarap nang magkasama. Ito ay sinasalamin ng mag-asawang carapreneur na sina Bonifacio Alagar Sr., 51, at ang kanyang asawang si Flordeliza, 51 ng Rosario, Batangas.

Si Bonifacio, o kilala bilang Ka Facio ng kanyang mga kaibigan, ay itinuturing ang pag-aalaga ng kalabaw bilang isang instrumento na nagpapatibay sa kanila bilang mag-asawa at bilang isang pamilya. Aniya, ang mga kalabaw ay nagdudulot ng kaligayahan sa kanilang pagsasama.

Buo ang suporta ng kanyang asawang si Flordeliza sa kanilang nahanap na kabuhayan kaya naman kahit nakakapagod ang pag-aalaga ng mga kalabaw kung minsan, hindi niya ito alintana para matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sinabi ni Ka Facio at ng kanyang asawa na ang kanilang pinakamalaking tagumpay sa negosyong ito ay ang makita ang kanilang mga anak na maging propesyonal sa kani-kanilang interes.

Dahil sa kanilang dairy business, napag-aaral ng mag-asawa ang lahat ng kanilang apat na anak sa mga pribadong paaralan. Ang kanilang panganay na si Charlene ay kumukuha ng degree sa Accountancy, si Charlie naman ay sa Marine Transportation, si Charmaine ay kasalukuyang nasa senior high school, at ang bunsong si Bonifacio Jr. ay sa grade school.

Habang pinagtatrabahuhan ang kinabukasan ng kanilang mga anak, pinaghahandaan na rin ni Ka Facio ang pagtanda nila ni Flordeliza. Aniya, ayaw niyang mag-alala ang kanyang mga anak pagdating ng panahong mahina na ang kanilang mga katawan kaya naman nag-iipon siya para sa kanilang retirement fund.

Ginagawa niyang misyon bilang ama na itanim sa kanilang mga anak ang halaga ng pagsasaka at kung paano nito napabuti ang kanilang buhay pamilya.

"Kapag wala sila sa paaralan, hinihiling ko sa kanila na samahan ako sa kulungan upang magkaroon sila ng pagpapahalaga sa aming mga operasyon sa bukid at para makita nila na dito nanggagaling ang panustos para sa kanilang pag-aaral at para sa aming pang-araw-araw na pangangailangan," pagbabahagi ni Ka Facio.

Sa pagbabalik-tanaw sa kung paano siya nagsimula sa nag-iisang kalabaw na ipinagkaloob sa kanya at sa mga pagsasanay na isinagawa ng DA-PCC sa UPLB, tanging pasasalamat ang lubos niyang nababanggit.

Kumikita siya ngayon ng Php100,000 hanggang Php130,000 sa isang buwan.

"Ang paggagatas ay biyaya. Hindi ko pa naranasan na kumita ng ganito sa pagsasaka ng palay lalo na noong nasa PHP9.00 per kilo lang ang presyo nito. Kahit anong hirap ko, hindi naging sapat ang kita ko noon," ani ni Ka Facio.

Nakatutulong din siya sa pagbibigay ng trabaho sa kanyang tatlong katulong sa paggatas, paglilinis, at pagpapakain. Binabayaran niya ang bawa't isa sa kanila ng PHP4,000 buwan-buwan na kanyang dinadagdagan basta't maganda ang kita.

Pagdating ng araw, sinabi ni Ka Facio na sila at ng kanyang asawa ay nasa kanilang beranda, ninanamnam ang katitimplang kapeng barako habang pinagmamasdan ang kanilang lumalaking kawan ng mga gatasang kalabaw. Sa kanilang likuran makikitang maayos na nakasabit sa dingding ang diploma ng mga anak na noo'y tapos ng lahat sa kolehiyo.


## *Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE C. CANUTE
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, RHEA MAE B. RUBA, RODOLFO JR. T. VALDEZ, JAN ROSE G. MAON, JEREMIE MARINELLA LEDESMA, CRISTINE DEL ROSARIO
**Layout at Ilustrasyon** RHEA MAE B.RUBA
**Ilustrasyon nina** CHRISSALYN L. MARCELO, JAN CZARINA M. SALAS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RHEA MAE B. RUBA, RONALINE C. CANUTE
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.*

*K-Portal*

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

*DA-PCC Virtual Tour*

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*